# County of Santa Clara

Office of the District Attorney

70 West Hedding Street, West Wing, 5th Floor
San Jose, California 95110
(408) 299-7400

Jeffrey F. Rosen
District Attorney

[Pangalan ng Tatanggap ng Grant, Address]

**Tungkol Sa: Kasunduan sa Programa sa Asset Forfeiture for Racial Justice Grant**

Minamahal na [Pangalan],

Ang Kasulatang Kasunduan na ito ay nagdodokumento ng mga tuntunin at kondisyon na namamahala sa Grant ng $ [halaga] mula sa County ng Santa Clara ("County"), sa pamamagitan ng Programa sa Asset Forfeiture for Racial Justice Grant ng Opisina ng District Attorney para sa [Ilagay and Pangalan ng Organisasyon] ("Grantee"). Mangyaring repasuhin ng maigi ang Kasunduang ito.

1. **LAYUNIN AT AKTIBIDAD.** Ang mga pondo sa grant ay maaaring gamitin lamang ng Grantee para sa mga gastusin na alinsunod sa [petsa] aplikasyon sa grant ng Grantee. Ang Grant ay itinalaga para sa mga layunin na kahanay sa misyon ng programa, at ipinagbabawal ang pansariling gamit sa mga pondong makukuha sa grant. Ang Grantee ay inaasahan na gagamitin ang naibigay na pondo para lamang sa mga inisyatiba at proyekto na humahanay sa mga pangunahing hangarin at layunin ng Grant, ang pagyamanin ang pangako sa hustisyang panlipunan at pagpapabuti ng komunidad. [grant application details]. Hindi maaaring gamitin ng Grantee ang pondo ng Grant para sa anumang mga layunin maliban kung may nakasulat na permiso ng Opisina ng Distrito ng Abogado ("DA's Office"). Ang Kasunduang ito ay hindi pangako o panata ng DA's Office o ng County na magbibigay ng iba pang mga grant o kontribusyon sa Grantee.

2. **TAGAL NG AKTIBIDAD NG PINONDOHANG GRANT.** Ang mga pondo ng grant ay dapat gastusin sa mga programa o aktibidad mula Hunyo 1, 2024 hanggang Hunyo 30, 2025. Ang mga pondo ng grant ay hindi maaaring gamitin nang retroaktibo para sa mga nagastos bago sa petsa ng pagbigay ng Grant.

3. **GRANTEE**. Ang Grantee ay kailangang mayroong Taxpayer Identification Number (TIN). Ang anumang Grantee na walang TIN ay maaaring gumamit ng isang ahente ng pananalapi/sponsor. Ang Grantee ay kailangang magbigay ng dokumentasyon ng kaugnayan sa pananalapi kapag hiningi ng DA's Office.

4. **PAGTATALA NG REKORD**. Ang Grantee ay kailangang magpanatili ng mga talaan, kasama ang mga orihinal na resibo at invoice, na nagpapatunay nang pagsunod sa Kasunduang ito. Ang Grantee ay kailangang makapagbigay ng ganitong mga talaan kapag hiningi ng DA's Office.

5. **ULAT SA PAGKATAPOS NA KAGANAPAN/MGA KINALABASAN NG PROYEKTO**. Ang Grantee ay kailangang kumpletuhin ang Ulat sa Pagkatapos na Kaganapan/Mga Kinalabasan ng Proyekto na magsasalarawan ng paggamit ng mga pondo ng Grant. Kailangang isumite ang Ulat sa Pagkatapos na Kaganapan/Mga Kinalabasan ng Proyekto na may detalyadong rekord ng mga ginastos na hindi lalampas sa Martes, Hulyo 15, 2025. Ang hindi pagsumite ng Ulat sa Pagkatapos na Kaganapan/Mga Kinalabasan ng Proyekto ay maaaring makaapekto sa pagiging karapat-dapat ng Grantee sa Programa ng Racial Justice Grant sa mga susunod na taon. Kung mayroong anumang mga gastos sa tauhan na sasakupin sa pamamagitan ng mga pondo ng grant, mangyaring magbigay ng detalyadong pag-uulat (kasama ang mga petsa at oras ng pagtatrabaho, ang pang-oras na rate na sisingilin sa mga serbisyo, at ang paglarawan ng natapos na trabaho para sa programang ito) kalakip ang Ulat sa Pagkatapos na Kaganapan/Mga Kinalabasan ng Proyekto.

6. **PAGSAULI NG PONDO.** Kapag natapos na ang termino ng grant, kinakailangang isauli ng Grantee ang mga natitirang pondo na may halagang lampas sa 10% ng iginawad. Sa Huwebes, Hulyo 31, 2025, kailangang isauli ng Grantee ang anuman at lahat ng natitirang pondo na ipinasiya ng DA's Office na hindi ginamit sa mga aprubadong layunin ng Grant. Walang carryover o palugit kung walang permisong nakasulat mula sa DA's Office.

7. **TUNGKULIN NA IPAGTANGGOL, BAYARAN ANG DANYOS AT PANATILIHING HINDI NAKAKAPINSALA.**
Sa pinakamataas na lawak na pinapayagan ng batas, ang Grantee ay dapat magbayad ng danyos, ipagtanggol at panatilihing hindi nakakapinsala ang County ng Santa Clara at kanyang mga opisyal, mga kinatawan, at empleyado sa anumang paghahabol, pananagutan, pagkawala, kapahamakan, o pinsala mula sa, o may kaugnayan, sa, pagsasagawa ng kasunduang ito ng Grantee at/o ng kanyang mga kinatawan, empleyado o sub-contractor, maliban lamang sa anumang pagkawala, kapahamakan, o pinsala na kagagawan ng tanging kapabayaan o sadyang maling gawain ng mga tauhan na nagtatrabaho sa County.

8. **MGA PANGKALAHATANG PAGHIHIGPIT**:

a. Pagsunod sa lahat ng batas. Ang Grantee ay dapat sumunod sa lahat na mga naaangkop na batas at regulasyon sa paggastos ng mga pondo ng Grant. Ang Grantee ay dapat: (a) hindi gagamitin ang pondo ng Grant sa pagsasamba, pagtuturo, o pananampalataya o pagbabayad para sa mga kagamitan o supply na gagamitin para sa relihiyosong pagsamba, pagtuturo o pananampalataya; (b) hindi gagamitin ang anumang pondo ng Grant para sa pagpapatayo, pagsasaayos, o pagpapanumbalik ng anumang ari-arian na ginagamit sa pagsamba, pagtuturo o pananampalataya; (c) hindi gagamitin ang anumang pondo ng Grant para lumahok sa mga partisanong pampulitika na aktibidad o lumahok sa, o mag-endorso ng, mga kaganapan o aktibidad na nagtataguyod para o laban sa mga partidong pulitikal, pampulitikang plataporma, mga kandidato sa pulitika, iminumungkahing batas, o mga naihalal na opisyal, kabilang ang anumang "pangkampanyang aktibidad" na tinukoy ng batas ng estado; at, (d) sumunod sa lahatnaaangkop na pederal, estado at mga lokal na batas at patakaran na ukol sa walang diskriminasyon at pantay-pantay na oportunidad sa trabaho at pagkontrata. Ang Grantee ay hindi maaaring mag-diskrimina sa mga subcontractor, empleyado, o aplikante sa trabaho dahil sa edad, lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, relihiyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, ipinahayag na kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, paniniwalang pampulitiko, kaakibat na organisasyon, o katayuan sa pag-aasawa sa pangangalap, pagpipili para sa pagsasanay (kasama ngunit hindi limitado sa apprenticeship), hiring, trabaho, pagdedestino, promosyon, pagtanggal sa trabaho, mga rate ng suweldo at iba pang mga anyo ng kompensasyon. Hindi rin dapat mag-diskrimina ang Grantee sa probisyon ng mga serbisyong ibinibigay sa ilalim ng grant dahil sa edad, lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, relihiyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, ipinahayag na kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, paniniwalang pampulitiko, kaakibat na organisasyon, o katayuan sa pag-aasawa.

b. Namamahalang Batas, Forum. Ang Kasunduang ito ay pamamahalaan at bibigyang-kahulugan alinsunod sa mga batas ng Estado ng California, na walang pagtukoy sa salungat nito sa probisyon ng batas. Ang anumang hindi pagkakaunawaan o paglilitis sa pagitan ng County at ng Grantee na nagmumula sa o patungkol sa Kasunduan sa Grant ay dapat ihain sa Santa Clara County Superior Court. Sa pamamagitan nito, ang Grantee ay pumapayag sa personal na hurisdiksiyon at lugar ng naturang mga korte.

9. **PAGTAPOS**. Maaaring tapusin ng County at/o DA's Office ang Kasunduan na ito kung matukoy ng County at/o DA's Office na ang Grantee ay ginagamit ang pondo ng Grant sa isang paraan na hindi tugma sa Kasunduang ito. Sa kaganapan na ang County at/o DA's Office ay tinapos ang Kasunduang ito sa ganitong dahilan, kinakailangang ibalik ng Grantee ang mga hindi nagastos na pondo pati na rin ang anumang pondo na ginamit sa dahilang hindi tugma sa Kasunduan.

10. **AWTORIDAD**. Ang (mga) tao na pipirma sa Kasunduan sa Grant na ito sa ngalan ng Grantee ay kumakatawan at gumagarantiya sa County na mayroong silang kinakailangan na legal na awtoridad at kapangyarihang isagawa ito, at panagutin ang Grantee sa mga obligasyon na isinasaad dito.

TINANGGAP AT SINANG-AYUNAN NG:

**COUNTY NG SANTA CLARA ("County")**

INAPRUBAHAN:

Ni ________________________________
[PANGALAN], County Executive
County ng Santa Clara

Petsa________________

INAPRUBAHAN:

Ni ________________________________
[PANGALAN], District Attorney
Santa Clara County District Attorney's Office

Petsa________________

INAPRUBAHAN BILANG FORM AT LEGALIDAD:

_____________________________
[PANGALAN], Deputy County Counsel
Santa Clara County Office of the County Counsel

Petsa________________

**(GRANTEE)**

Ni________________________________
[PANGALAN], [Titulo]
[Ilagay ang Pangalan ng Organisasyon]

Petsa_________________